Bread of Life

Dumating ang panahon na marami nang sumusunod kay Cristo habang Siya ay nangangaral. Subalit alam ng Panginoon kung bakit sila ay sumusunod, at ito ay hindi upang makasaksi ng palatandaan na Siya ay karapat-dapat na pagkatiwalaan kundi sila ay nabubusog ng tinapay.

Tinuturo ng Bibliya na ang Diyos ay sa puso ng tao nakatingin at alam Niya ang motibo kung bakit natin ginagawa ang mga bagay na ating pinagkakaabalahan.

Ang tanong ng madla kay Jesus ay ito: Ang mga ninuno namin ay kumain ng manna sa ilang, ayon sa kasulatan. Binigyan sila ng tinapay mula sa langit. Anong mga palatandaan ang kaya mong ipakita sa amin para maniwala kami sa iyo?

Sumagot si Jesus: *Hindi si Moses ang nagbigay sa kanila ng tinapay mula sa langit, subalit ang Aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay tinapay mula sa langit. Ngunit, ang tinapay ng Diyos ang nanggagaling sa langit at nagbibigay ng buhay sa sanlibutan.*

Tumugon ang madla: Panginoon, bigyan mo kami lagi ng tinapay na yan.

Ang sabi ni Jesus ay ito: *Ako ang tinapay ng buhay. Ang sinumang lumalapit sa Akin ay hindi na magugutom, at ang sinumang maniniwala sa Akin ay hindi na mauuhaw* (John 6:35).

Dito sa ating bansa, maraming mga tao ang sumusunod sa mga politico, hindi upang mapakinggan ang kanilang plataporma, kundi ang malaman nila kung magkano ba ang ibibigay bilang kapalit ng kanilang boto. Marami rin sa ating mga kababayan ang madalas nagdarasal, subalit hindi upang sumamba o magbigay papuri at pasasalamat sa Diyos kundi dahil sa sila ay may hinihingi.

Karamihan sa ating mga Pilipino ay interesado sa ibinibigay subalit hindi sa nagbibigay.

Mga kababayan, huwag nating bigyan ng prioridad ang mga bagay na pansamantala lamang; napakaigsi ng buhay dito sa mundo. Tayong lahat ay darating sa dulo ng ating buhay at doon sa huling hantungan natin malalaman ang kahalagahan ng mga salita ng Panginoong Jesu Cristo.

Tinuturo ng Bibliya na sa takdang araw ng paghuhukom, haharap sa Diyos ang sanlibutan. Ang mga tupa ay papupuntahin Niya sa kanan at ang mga kambing ay papupuntahin naman sa kaliwa. Sasabihin Niya sa mga tupa: Halikayo, mga pinagpala ng Ama, manahin ninyo ang kaharian ng Diyos na ihinanda para sa inyo noong una pa man (Matthew 25:31-34).

Minsan, sinabi ni Cristo na ang kanyang mga tupa ay nakikinig sa Kanyang tinig, kilala Ko sila, at sila ay sumusunod sa Akin; at binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at hindi sila kailanman mapapahamak; at walang makahahablot sa kanila mula sa Aking mga kamay.

Samakatuwid, batay sa mga salitang ito ng Panginoong Jesu Cristo ay malalaman natin kung sino ang mayroong buhay na walang hanggan na magmamana ng kaharian ng Diyos. At sila nga ay ang mga tupa ni Cristo.

Ang tanong ay ito: Ikaw ba ay tupa ni Cristo? Kung tinatanggap mo ang mga pangako ni Cristo, ikaw ay Kanyang tupa. Kung ikaw ay nagtitiwala sa katotohanan ng Kanyang mga salita, ikaw nga ay Kanyang tupa. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kapatawaran ng iyong kasalanan at Siya ay nabuhay muli bilang patunay na ang kamatayan ay wala ng bisa laban sa iyo.

Kaya, magalak ka at matuwa, sapagkat langit ang iyong huling hantungan. At ang naghihintay sa iyo doon ay ang Panginoong Jesu Cristo.